

NOLI ME TANGERE BUOD NG BUONG KWENTO

(Maikling Buod)



Ang Noli Me Tangere ay isang nobelang inilathang ni Dr. Jose Rizal. Naisulat ito dahil sa adhikain ng manunulat na mabuksan ang kamalayan ng mga Pilipino sa totoong pamamalakad ng pamahalaan at simbahan.

Upang mas madaling maunawaan ang nobelang ito, ginawa namin ang maikling buod na ito ng Noli Me Tangere. Narito ang aming bersyon ng Noli Me Tangere buod ng buong kwento.

Samantala, kung hanap mo naman ay buod ng bawat kabanata, maaari mo ring bisitahin ang Noli Me Tangere Buod ng Bawat Kabanata 1-64 with Talasalitaan.

Kung nais mo rin kilalanin ang mga tauhan sa nobela, puntahan ang pahinang Noli Me Tangere Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa.

Noli Me Tangere Buod ng Buong Kwento

Ang binatang si Juan Crisostomo Ibarra ay isang Pilipino ngunit siya ay pinag-aral ng ama na si Don Rafael sa ibang bansa. Mahigit pitong taon itong tumira sa Europa bago ito muling bumalik ng Pilipinas.

Naghanda ng malaking salu-salo sa bahay ni Kapitan Tiago upang salubungin ang binata. Inimbitahan din ang ilang panauhin katulad nina Padre Damaso, Padre Sibyla, Tinyente Guevarra, Donya Victorina, at ilang may impluwensya sa lipunan.

Ipinahiya ni Padre Damaso, ang dating kura ng San Diego, si Ibarra ngunit wala itong ginawa bagkus pinagpasensyahan lang niya ang pari. Magalang itong nagpaalam at nagdahilang may ibang pupuntahan.

Si Maria Clara ang magandang kasintahan ni Crisostomo Ibarra. Siya ang anak-anakan ni Kapitan Tiago, mayamang taga-Tondo.

Dumalaw si Ibarra kay Maria Clara kinabukasan pagkatapos dumalo sa pagtitipon. Nagkaroon ng pagkakataon ang magkasintahan na muling balikan ang kanilang mga ala-ala. Muling binasa ng dalaga ang liham na binigay ng binate bago pa ito tumungo sa Europa.

Pinuntahan naman ni Ibarra si Tinyente Guevarra bago ito umalis upang ipagtapat ang pagkamatay ng ama. Isinalaysay ng tinyente na naakusahan ang ama na erehe at pilibustero dahil sa hindi nito pagsisimba at pangungumpisal.

Ipinakulong si Don Rafael dahil sa pagkamatay ng isang Kastila sa kasalanang di naman siya ang may gawa. Malapit na sanang malutas ang paglilitis nang magkasakit at kalauna'y namatay ang ama ni Ibarra.

Ipinag-utos ni Padre Damaso sa isang sepulturero na hukayin ang bangkay nito at ilipat sa libingan ng mga Intsik. Dahil sa lakas ng ulan ay hindi kinaya na buhatin ang bangkay kung kaya't itinapon nalang ito sa lawa.

Sa kabila ng nangyari ay hindi hinangad ni Ibarra na makapaghiganti, sa halip ipinagpatuloy niya ang adhikain ng ama na makapagtayo ng paaralan.

Naghandanda ng isang pananghalian si Ibarra pagkatapos ng pagbabasbas. Muli na namang tinira ni Padre Damaso ang binata.

Sa pagkakataong ito ay hindi na nakapagpigil si Ibarra. Kamuntikan na niyang saksakin ang pari kung hindi lang siya napigilan ni Maria Clara. Dahil sa nagawa ni Ibarra ay naging ekskomunikado siya.

Sinamantala ni Padre Damaso ang pagiging ekskomunikado ni Ibarra at inutusan si Kapitan Tiago na itigil ang pagpapakasal ni Maria Clara kay Ibarra. Nagpasya si Padre Damaso na ipakasal si Maria Clara kay Alfonso Linares.

Sa labis na pagdaramdam ng dalaga ay nagkasakit ito. Sa tulong ng Kapitan Heneral ay napawalang bisa ang pagiging ekskomunikado ni Ibarra.

Subalit may mga taong sumalakay sa kwartel at si Ibarra ang pinagbintangan. Kahit walang kasalanan ay dinakip at binilanggo ang binata. Nakatakas si Ibarra sa tulong ni Elias.

Nabigyan naman ng pagkakataon ang magkasintahan na makapag-usap bago gawin ang planong pagtakas. Doon nalaman ni Ibarra na si Padre Damaso ang totoong ama ni Maria Clara kung kaya't tutol ito sa pagmamahalan at planong pagpapakasal ng dalawa.

Gamit ang bangka ay tinakas ni Elias si Ibarra. Nakalagpas man sila sa ilang gwardiya sibil nasundan pa din ang kanilang bangkang sinasakyan. Inisip ni Elias na iligaw ang mga humahabol sa pamamagitan ng paglusong nito sa tubig.

Sa pag-aakalang si Ibarra ang tumalon ay hinabol at pinaputukan ng mga sibil hanggang sa magkulay dugo ang tubig. Nawalan ng pag-asawa si Maria Clara dahil pag-aakalang patay na si Ibarra.

Napagdesisyunan nitong pumasok sa kumbento upang maging isang madre. Napilitang pumayag si Padre Damaso sa dalaga dahil magpapakamatay daw ito pag hindi ito pumayag.

Noche Buena na nang makarating si Elias sa gubat ng mga Ibarra na sugatan at nanghihina. Doon ay natagpuan niya si Basilio at malamig na bangkay ni Sisa.

Bago tuluyang bawian ng buhay ay nanalangin si Elias. Mamamatay siyang hindi nakikita ang maningning na pagbukang liwayway. Ngunit para sa mga makakakita, bilin niya na batiin ito at huwag ding makakalimot sa mga nabulid sa dilim ng gabi.

You May Also Like

